

## **Test Tuberkulin sa Balat Tuberculin Skin Test**

### **Ano ang Tuberkulosis?**

- Ang Tuberkulosis (TB) ay isang sakit na bunga ng impeksiyon ng bakterya *Mycobacterium tuberculosis*. Maaaring sirain ng TB ang inyong mga baga o ibang bahagi ng katawan at maging dahilan ng malubhang sakit.

### **Ano ang Test Tuberkulin sa Balat?**

- Ang Test Tuberkulin sa Balat (TST), tinatawag din na test Mantoux, ay ginagamit upang tingnan kung kayo ay naimpeksiyon ng TB.
- Isang maliit na karayom ang ituturok sa inyong balat, kadalasan sa kaliwang braso, at makalipas ang 48-72 oras, ang tinurukan ay titingnan kung may reaksyong (bukol) nabuo.
- Isang bukol ang maaaring mabuo kung kayo ay naimpeksiyon ng TB o nagkaroon ng bakunang BCG. Kung nagkaroon ng bukol, ito ay mawawala din.
- Maliit na bahagi ng komunidad ang magkakaroon ng positibong TST ngunit **karamihan ng naimpeksiyon ng TB ay hindi nagkaroon ng sakit na TB.**

### **Bago kayo magpapa-TST:**

Mahalagang ipaalam sa nars na kayo ay:

- Mayroong kahit anong uri ng sugat, kasama na dito ang limpoma o sakit ni Hodgkin (Hodgkin's Disease)
- Umiinom ng gamot na nakakaapekto sa sistema ng inyong depensa sa sakit, tulad ng mga gamot na cortico-steroids (prednisone), cyclosporin o chemotherapy (gamot sa kanser)
- Nagkaroon ng bagong impeksiyon (nitong mga nakaraang buwan) tulad ng trangkaso, tigdás o ubong dalahit (whooping cough)
- Nagpabakuna (nitong nakaraang buwan) laban sa beke, rubelya o barisela (bulutong-tubig)
- Nagkaroon ng HIV/AIDS
- Ang mga kalagayang ito ay maaaring makaapekto sa pagbibigay at pamamahala ng TST.

### **Pangangalaga sa tinurukan ng karayom**

- Huwag kakamutin ang tinurukan ng karayom
- Huwag tatakpan ang tinurukan ng karayom ng anumang pantapal, krema o oyntment
- Kung nagpaltos huwag bubuksan o titirisin
- Maaari kayong magpatuloy ng lahat ng gawain, kasama ang mga isport at paliligo.

### **Ano ang mangyayari matapos ang test?**

- Matapos ang TST, **kailangan kayong bumalik sa klinika makaraan ang 48-72 oras** upang tingnan at itala ang anumang reaksiyon.
- Ang ilang tao na may negatibong TST ay maaaring mangailangan ng pangalawang TST.

### **Bakit kailangang ulitin ang mga Test Tuberkulin sa Balat?**

- Ang unang TST ay maaaring negatibo dahil sa ang reaksiyon sa TST ay maaaring humina o nawala pagkaraan ng panahon.
- Ang pangalawang TST (2-step TST) ay ginagawa upang palakasín ang sistema ng depensa sa sakit upang makuha ang reaksiyon (sa TST) na maaaring naging mahina.
- Ang maling positibo at maling negatibong reaksiyon ay maaaring magbunga ng mahirap na desisyon tungkol sa ginagawang pag-aaral at paggagamot. Maaaring linawin ng 2-step TST ang katayuang ito.

**Kung kayo ay may anumang pagkabahala tungkol sa test matapos lumisan, mangyari po lamang na tawagan ang klinika sa baga.**

**Mga Klinika sa Baga ng NSW****Mga Klinikang Metropolitan:  
Metropolitan Clinics:****Numero ng Telepono  
Telephone No.**

|                      |                              |           |
|----------------------|------------------------------|-----------|
| Central Sydney       | Canterbury Hospital          | 9787 0162 |
|                      | Concord Hospital             | 9767 5675 |
|                      | Royal Prince Alfred Hospital | 9515 8846 |
| Northern Sydney      | Hornsby Hospital             | 9477 9317 |
|                      | Manly Hospital               | 9976 9542 |
|                      | Royal North Shore Hospital   | 9926 7905 |
| South Eastern Sydney | Prince of Wales Hospital     | 9382 4636 |
|                      | St George Hospital           | 9350 2503 |
|                      | St Vincent's Hospital        | 8382 3876 |
|                      | Sydney Hospital              | 9382 7535 |
| South Western Sydney | Liverpool Hospital           | 9829 4888 |
| Wentworth            | Nepean Hospital              | 4734 2536 |
| Western Sydney       | Parramatta Health Services   | 9843 3110 |

**Mga Klinikang Rural:  
Rural Clinics:**

|                 |                                     |                |
|-----------------|-------------------------------------|----------------|
| Central Coast   | Gosford Hospital                    | 4320 3388      |
| Far West        | Broken Hill Hospital                | (08) 8080 1317 |
| Greater Murray  | Wagga Wagga Centre of Public Health | 6933 9125      |
|                 | Griffith Community Health Centre    | 6966 9900      |
| Hunter          | John Hunter Hospital                | 4921 3372      |
| Illawarra       | Wollongong Hospital                 | 4253 4138      |
| Macquarie       | Dubbo Centre of Population Health   | 6841 2345      |
| Mid Western     | Orange Base Hospital                | 6393 3480      |
| Mid North Coast | Coffs Harbour Health Campus         | 6656 7855      |
|                 | Port Macquarie Health Centre        | 6588 2755      |
|                 | Taree Health Centre                 | 6592 9625      |
| New England     | Tamworth Base Hospital              | 6768 3392      |
| Northern Rivers | Lismore Base Hospital               | 6620 2280      |
| Southern        | Bega Community Health Centre        | 6492 9620      |
|                 | Cooma Community Health Centre       | 6455 3201      |
|                 | Goulburn Community Health Centre    | 4827 3913      |
|                 | Narooma Community Health Centre     | 4476 2344      |
|                 | Queanbeyan Community Health Centre  | 6298 9233      |
|                 | Young Mercy Care Centre             | 6382 1111      |

**NSW Department of Health:**

73 Miller Street  
North Sydney NSW 2059

Tel (02) 9391 9000  
Fax (02) 9391 9101  
TTY (02) 9391 9900

**NSW Health website:** [www.health.nsw.gov.au](http://www.health.nsw.gov.au)